

KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD

1215 O Street, MS 7-40
Sacramento, CA 95814
TTY: 711
(833) 421-0061



PETSA: MARSO 17, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: SELF-DETERMINATION PROGRAM: PAGSUSURI NG SETTING NG MGA SERBISYONG NAKABASE SA TAHANAN AT KOMUNIDAD (HOME AND COMMUNITY-BASED SERVICES)

Ang pederal na Home and Community-Based Services (HCBS) Final Rule ay nag-aatas na mabigyan ang mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo ng ganap na access sa mga benepisyo ng pamumuhay sa komunidad at na ang mga serbisyo ay maialok sa mga setting na isinama sa komunidad. Tanging ang mga serbisyong sumusunod sa HCBS Final Rule ang mabibili sa pamamagitan ng Self-Determination Program (SDP). Layunin ng liham na ito ang tukuyin ang mga setting ng serbisyo ng SDP na nangangailangan ng pagtatasa at magbigay ng impormasyon sa kung paano susuriin ang mga setting na iyon upang matukoy ang pagsunod sa HCBS Final Rule.

Ang mga setting na partikular na idinisenyo para sa mga grupo ng mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad ay dapat masuri bago simulan ang serbisyo ng SDP. Ang isang listahan ng mga serbisyong iyon ay makikita sa Kalakip A. Ang mga provider ng isa sa mga serbisyong nakalista sa Kalakip A na parehong ipinagkakaloob sa isang regional center upang magbigay ng mga serbisyo sa pamamagitan ng tradisyonal na sistema ng paghahatid ng serbisyo at planong magbigay ng mga serbisyo sa isang kalahok sa SDP sa parehong setting ng mga serbisyo sa tradisyonal na sistema ay kinakailangang magkumpleto ng isang pagtatasa. Ang Kalakip B ay ang tool sa pagtatasa para sa layuning ito.

Maaaring may mga serbisyong hindi nakalista sa Kalakip A na hindi ipinagkakaloob ng mga regional center at ibinibigay sa mga setting na hindi sumusunod sa HCBS Final Rule. Ang regional center, provider, at kalahok ay dapat magtulungan upang matiyak ang pagsunod sa HCBS Final Rule sa lahat ng mga setting kung saan ibinibigay ang serbisyo ng SDP, kabilang ang alinmang hindi nakalista sa Kalakip A. Maaaring mangailangan ito ng pagtatasa ng setting gamit ang form sa Kalakip B. Kung natukoy na ang setting ay hindi sumusunod, dapat tuklasin ng regional center at kalahok ang mga posibleng pagbabago sa provider ng serbisyo, na magpapahintulot sa kalahok na bilhin ang serbisyo gamit ang mga pondo ng SDP. Ang mga halimbawa ng mga ganitong uri ng setting ay mga kampo na partikular para sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-unlad na ginagamit nang higit sa pansamantala o paminsan-minsan.

"Bumubuo ng mga Partnership, Sumusuporta sa mga Pagpili"

Mga Executive Director ng Regional Center
Marso 17, 2022
Ikalawang pahina

Dapat kumpletuhin ng kalahok at ng provider ng serbisyo ang pagtatasa. Maaari itong makumpleto nang sabay-sabay para sa lahat ng kalahok ng SDP na interesado sa paggamit ng serbisyo. Magkasamang susuriin ng provider ng mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Services) at ng kalahok ang paunang pagtatasa.

Sa panahon ng taunang pagsusuri ng indibidwal na plano ng programa, dapat suriin ng team ng pagpapalano ang paunang pagtatasa at tukuyin kung ang setting ay patuloy na sumusunod sa HCBS Final Rule. Kung ang kalahok ng SDP ay tumatanggap na ng mga serbisyo mula sa isang setting na nangangailangan ng pagtatasa, ang team ng pagpapalano ay maaaring maghintay para sa susunod na taunang pagsusuri upang makumpleto ang pagtatasa. Ang dokumentasyon ng pagsusuring ito ay papanatilihin ng regional center at maaaring kasama, halimbawa, ang dokumentasyon sa Indibidwal na Plano ng Programa.

Ang setting ay dapat sumunod sa HCBS Final Rule bago ang pagbabayad para sa mga serbisyo.

Ang pangkalahatang impormasyon tungkol sa HCBS Final Rule ay matatagpuan online sa www.dds.ca.gov/initiatives/cms-hcbs-regulations. Ang impormasyon na partikular para sa mga kalahok, pamilya at mga tagapagkaloob ng serbisyo ay matatagpuan sa www.dds.ca.gov/initiatives/cms-hcbs-regulations/training-information.

Kung mayroong anumang mga katanungan tungkol sa impormasyong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa sdp@dds.ca.gov.

Taos-puso,

Pinirmahan ang orihinal ni:

MARICRIS ACON
Deputy Director
Dibisyon ng mga Programang Pederal

cc: Mga Administrador ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad